2400 Moorpark Ave, Suite 300/319 San Jose, CA 95128
Telepono: 408-975-2730 Fax: 408-975-2745

266 N. Jackson Ave, Suite 1 & 4, San Jose, CA 95116

Abiso ng Mga Kagawian sa Privacy ng AACI (Notice of Privacy Practices o NOPP)

Ang Iyong Impormasyon. Ang Iyong Mga Karapatan. Ang Aming Mga Responsibilidad

---

Inilalarawan ng abiso na ito kung paano maaaring gamitin at ibunyag ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo at kung paano mo makukuha ang impormasyong ito. **Pakisuri ito nang mabuti.**

ANG IYONG MGA KARAPATAN

May karapatan kang:

- Makakuha ng kopya ng iyong papel o elektronikong medikal na rekord.
- Iwasto ang iyong papel o elektronikong medikal na rekord.
- Humiling ng kumpidensyal na pakikipag-ugnayan.
- Hilingin sa amin na limitahan ang impormasyong ibinabahagi namin.
- Makakuha ng listahan ng kung kanino namin ibinahagi ang iyong impormasyon.
- Makakuha ng kopya ng abiso sa privacy na ito.
- Pumili ng isang taong kikilos para sa iyo.
- Maghain ng reklamo kung naniniwala kang nalabag ang iyong mga karapatan sa privacy.
    - ***Tingnan ang pahina 2*** *para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatang ito at kung paano gamitin ang mga ito.*

ANG IYONG MGA PINILI

Mayroon kang mga pagpipilian sa paraan ng paggamit at pagbabahagi namin ng impormasyon habang:

- Ibinabahagi namin ang iyong impormasyon sa pamilya at mga kaibigan.
- Pumili ng isang taong kikilos para sa iyo.
- Ibinabahagi namin ang iyong impormasyon sa isang sitwasyon ng pagtulong sa sakuna.
- Ginagamit namin ang iyong impormasyon para ibenta ang aming mga serbisyo o lumikom ng mga pondo.
    - ***Tingnan ang pahina 3*** *para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatang ito at kung paano gamitin ang mga ito.*

ANG AMING MGA PAGGAMIT AT PAGBUBUNYAG

Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon habang:

- Ginagamot ka namin at pinapatakbo namin ang aming klinika sa kalusugan at kalusugan ng pag-uugali.
- Naniningil kami para sa iyong mga serbisyo.
- Tumutulong kami sa mga isyu sa pampublikong kalusugan at nagsasaliksik.
- Sumusunod kami sa batas.
- Tumutugon kami sa mga kahilingan sa donasyon ng organ at tissue.

- Nakikipagtulungan kami sa isang medikal na tagasuri o direktor ng punerarya.
- Tinutugunan namin ang mga kahilingan sa kompensasyon ng mga manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng pamahalaan.
- Tumutugon kami sa mga demanda, legal na aksyon at kung hiniling ng VA/mga pagwawasto.
    - ***Tingnan ang pahina 3*** *para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga paggamit at pagbubunyag na ito.*

ANG IYONG MGA KARAPATAN

Pagdating sa iyong impormasyon sa kalusugan, mayroon kang ilang partikular na karapatan. Ipinapaliwanag sa seksyong ito ang iyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad para matulungan ka.

Makakuha ng kopya ng iyong medikal na rekord

- Maaari mong hilingin na makakita o makakuha ng elektroniko o papel na kopya ng iyong medikal na rekord at iba pang impormasyon sa kalusugan na mayroon kami tungkol sa iyo. Para gawin ito, mangyaring magsumite ng nakasulat na kahilingan sa paglalabas ng mga medikal na rekord. Maaari mong tukuyin ang paraan kung paano mo gustong matanggap ang iyong mga medikal na rekord.
- Magbibigay kami ng kopya o buod ng iyong impormasyon sa kalusugan, karaniwang sa loob ng 30 araw pagkatapos mong isumite ang iyong kahilingan. Maaari kaming maningil ng bayaring makatwiran at nakabatay sa gastos.

Hilingin sa amin na iwasto ang iyong medikal na rekord

- Maaari mong hilingin sa amin na iwasto ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo na sa tingin mo ay mali o hindi kumpleto. Para gawin ito, mangyaring magsumite ng isang nakasulat na kahilingan at magbigay ng dahilan. Maaaring tanggihan namin ang iyong kahilingan, pero sasabihin namin sa iyo kung bakit sa pamamagitan ng liham sa loob ng 60 araw.
- Pakitandaan: Hindi namin maaaring baguhin ang impormasyon na hindi namin ginawa.

Humiling ng mga kumpidensyal na pakikipag-ugnayan

- Maaari mong hilingin sa amin na makipag-ugnayan sa iyo sa isang partikular na paraan (halimbawa, telepono sa bahay o opisina) o magpadala ng mail sa ibang address.
- Kung ang iyong kagustuhan ay pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng email, pakitandaang may mga posibleng panganib sa paggamit ng hindi naka-encrypt na email. Sa pamamagitan ng paggamit ng hindi naka-encrypt na email, maaari kang malagay sa panganib na malantad ang iyong pakikipag-ugnayan at/o mga medikal na rekord sa mga hindi awtorisadong entity at/o indibidwal.
- Tatanggapin namin ang lahat ng makatwirang kahilingan.

Hilingin sa amin na limitahan ang ginagamit o ibinabahagi namin

- Maaari mong hilingin sa aming huwag gamitin o ibahagi ang ilang partikular na impormasyon sa kalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o sa aming mga pagpapatakbo. Hindi namin kailangang tanggapin ang iyong kahilingan, at maaari namin itong tanggihan kung makakaapekto ito sa iyong pangangalaga.
- Kung babayaran mo nang buo mula sa sariling bulsa ang isang serbisyo o item sa pangangalagang pangkalusugan, maaari mong hilingin sa aming huwag ibahagi sa iyong insurer ng kalusugan ang impormasyong iyon para sa pagbabayad o sa aming mga pagpapatakbo. Papayag kami maliban kung iniaatas sa amin ng isang batas na ibahagi ang impormasyong iyon.

Makakuha ng listahan ng kung kanino namin ibinahagi ang impormasyon

- Maaari kang humiling ng isang listahan (accounting) ng mga panahong ibinahagi namin ang iyong impormasyon sa kalusugan sa loob ng anim na taon bago ang petsa kung kailan mo ito hiningi, kung kanino namin ito ibinahagi, at kung bakit.
- Isasama namin ang lahat ng pagbubunyag maliban sa mga tungkol sa paggamot, pagbabayad, at mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, at ilan pang partikular na pagbubunyag (gaya ng anumang pagbubunyag na hiniling mong gawin namin). Magbibigay kami ng isang accounting kada taon nang libre pero maniningil kami ng bayaring makatwrian at nakabatay sa gastos kung hihingi ka ng isa pa sa loob ng 12 buwan.

Makakuha ng kopya ng abiso sa privacy na ito

- Maaari kang humiling ng papel na kopya ng abisong ito anumang oras. Maaari ka ring makakuha ng kopya mula sa aming website sa www.aaci.org.

Pumili ng taong kikilos para sa iyo

- Kung binigyan mo ang isang indibidwal ng medical power of attorney o kung legal na tagapag-alaga mo ang isang indibidwal, maaaring gamitin ng indibidwal na iyon ang iyong mga karapatan at gumawa ng mga pagpili tungkol sa iyong impormasyon sa kalusugan.
- Sisiguraduhin naming mayroon ng awtoridad na ito ang indibidwal at makakakilos siya para sa iyo bago kami gumawa ng anumang aksyon.

Maghain ng reklamo kung sa tingin mo ay nilabag ang iyong mga karapatan

- Maaari kang maghain ng karaingan kung sa tingin mo ay nilabag namin ang iyong mga karapatan sa ilalim ng abisong ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa pahina 1.
- Maaari ka ring maghain ng karaingan sa iyong Plano sa Kalusugan, sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S. (U.S. Department of Health and Human Services) at/o Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights) sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201, pagtawag sa 1-877-696-6775, o pagpunta sa **www.hhs.gov/ocr/ privacy/hipaa/complaints/**
- Hindi ka namin gagantihan dahil sa paghahain ng karaingan.

ANG IYONG MGA PINILI

Para sa ilang partikular na impormasyon sa kalusugan, maaari mong sabihin sa amin ang iyong mga pinili tungkol sa kung ano ang ibabahagi namin. Kung mayroon kang malinaw na kagustuhan sa kung paano namin ibabahagi ang iyong impormasyon sa mga sitwasyong inilalarawan sa ibaba, pakisabi ito sa amin.

Sa mga sitwasyong ito, puwede mong piliing sabihin sa amin na:

- Magbahagi ng impormasyon sa iyong pamilya, mga kaibigan, o iba pang may kinalaman sa iyong pangangalaga. *Dapat mo kaming bigyan ng pahintulot na gawin ito nang nakasulat, at itatabi namin ito sa file.*
- Pumili ng isang taong kikilos para sa iyo. *Kung binigyan mo ang isang indibidwal ng medical power of attorney o kung legal na tagapag-alaga mo ang isang indibidwal, maaaring gamitin ng indibidwal na iyon ang iyong mga karapatan at gumawa ng mga pagpili tungkol sa iyong impormasyon sa kalusugan. Sisiguraduhin naming mayroon ng awtoridad na ito ang indibidwal at makakakilos siya para sa iyo bago kami gumawa ng anumang aksyon.*
- Magbahagi ng impormasyon sa isang sitwasyon ng pagtulong sa sakuna. *Kung hindi mo masasabi sa amin ang iyong kagustuhan, halimbawa kung wala kang malay, maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon kung naniniwala kaming para ito sa ikabubuti mo.*

Sa mga sitwasyong ito, *hinding-hindi* namin ibabahagi ang iyong impormasyon maliban kung bibigyan mo muna kami ng nakasulat na pahintulot:

- Kapag ibinebenta ang aming mga serbisyo
- Kapag nangangalap ng pondo

- Kung makikipag-ugnayan kami sa iyo, maaari mong sabihin sa aming huwag na kaming makipag-ugnayan pa sa iyo.

ANG AMING MGA PAGGAMIT AT PAGBUBUNYAG

Paano namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan?
Karaniwan naming ginagamit o ibinabahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga sumusunod na paraan (ibinabahagi lang ang pinakakaunting impormasyong kinakailangan):

Gamutin ka (sa personal, Telehealth at/o Video)

- Maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan at ibahagi ito sa iba pang propesyonal na gumagamot sa iyo, sa loob at labas, pati na kapag may mga emergency na kinabibilangan ng Mga Emergency sa Pampublikong Kalusugan at/o Ipinag-uutos na Pag-uulat para sa Pampublikong Kalusugan. Halimbawa: Nagtanong ang isang doktor na gumagamot sa iyo para sa isang pinsala sa isa pang doktor tungkol sa iyong pangkalahatang Kondisyon sa kalusugan.
- Para sa mga pagpapatingin sa Telehealth at/o Video, susubukan naming i-verify na ang kinakausap namin ay ikaw mismo o isang indibidwal na binigyan mo ng pahintulot na gumawa ng medikal na pagpapasya at/o makipag-usap sa iyong mga team ng pangangalaga para sa iyo. Ive-verify din namin ang iyong lokasyon para sa mga pagpapatingin sa Telehealth.
- Pakitandaang maaaring maging bahagi ng iyong pangangalaga ang mga residente, o mga intern at trainee sa kalusugan ng pag-uugali na nagsasanay sa ilalim ng pangangasiwa ng mga lisensyadong doktor at clinician sa kalusugan ng pag-uugali.

Patakbuhin ang aming klinika sa kalusugan at Kalusugan ng Pag-uugali

- Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para patakbuhin ang aming practice, pagbutihin ang iyong pangangalaga, at makipag-ugnayan sa iyo kung kinakailangan.
- *Halimbawa: Ginagamit namin ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo para pamahalaan ang iyong paggamot at mga serbisyo; para gumawa ng mga paalala para sa appointment; at para sa mga pag-audit/pagsusuri sa programa.*

Maningil para sa iyong mga serbisyo

- Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para singilin ang mga plano sa kalusugan o iba pang entity at mabayaran ng mga ito.

Halimbawa: Nagbibigay kami ng impormasyon tungkol sa iyo sa iyong plano ng insurance sa kalusugan para mabayaran nito ang iyong mga serbisyo.

Paano pa namin magagamit o maibabahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan?
Pinapahintulutan kami o hinihiling sa amin na ibahagi ang iyong impormasyon sa iba pang paraan – na sa kadalasan ay sa mga paraang ikabubuti ng publiko, gaya ng pampublikong kalusugan at pananaliksik. Kailangan naming matugunan ang maraming kondisyon sa batas bago namin maibahagi ang iyong impormasyon para sa mga layuning ito. Para sa higit pang impormasyon tingnan ang: www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html**.**

Makatulong sa mga isyu sa pampublikong kalusugan at kaligtasan

- Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo para sa ilang partikular na sitwasyon gaya ng:
    - Pag-iwas sa sakit

- Pagtulong sa mga pagbawi ng produkto
- Pag-uulat ng hindi magagandang reaksyon sa mga gamot

Magsaliksik

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para sa pananaliksik sa kalusugan, pero pagkatapos lang maaprubahan ng Institutional Review Board (IRB) ng AACI na nagpapanatili ng mahihigpit na protocol sa privacy.

Sumunod sa batas

- Ibabahagi namin ang impormasyon tungkol sa iyo kung iniaatas ito ng mga pang-estado o pederal na batas, pati na sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Pangkalusguan at Pantao kung gusto nitong tingnan kung sumusunod kami sa mga pederal na batas sa privacy.

Tumugon sa mga kahilingan sa donasyon ng organ at tissue

- Maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa mga organisasyon sa pagkuha ng organ.

Makipagtulungan sa isang medikal na tagasuri o direktor ng punerarya

- Maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa kalusugan sa isang coroner, medikal na tagasuri, o direktor ng punerarya kapag namatay ang isang indibidwal.

Tugunan ang mga kahilingan sa kompensasyon ng mga manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng pamahalaan

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo:
  - Para sa mga claim sa kompensasyon ng mga manggagawa.
  - Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas, halimbawa, tumugon sa isang search warrant, mag-ulat ng krimen sa aming lugar, o mag-ulat ng banta.
  - Sa mga ahensyang nangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinapahintulutan ng batas gaya ng mga pag-audit.
  - Para sa mga espesyal na tungkulin ng pamahalaan gaya ng militar, pambansang seguridad, at para protektahan ang Pangulo ng United States.

Tumugon sa mga demanda at legal na aksyon

- Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo bilang pagtugon sa isang kautusan ng hukuman o administratibong kautusan, o bilang pagtugon sa isang subpoena.

Kung hiniling ng Kagawaran ng Mga Usapin ng Beterano (Department of Veteran Affairs)

- Kung isa kang miyembro o dating miyembro ng sandatahang lakas, maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo bilang pagtugon sa kahilingan ng Kagawaran ng Mga Usapin ng Beterano.

Kung hiniling ng isang institusyon sa pagwawasto

- Kung nasa kustodiya ka, maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo kapag hiniling ng isang institusyon sa pagwawasto o mga opisyal sa pagpapatupad ng batas.

Mga Espesyal na Proteksyon para sa Impormasyon sa Pangangalaga sa Kalusugang Nauugnay sa Pag-aanak

Sa ilalim ng **Pinal na Panuntunan sa Panuntunan sa Privacy ng HIPAA noong 2024**, **pinagbabawalan** kaming gamitin o ibunyag ang iyong pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan (protected health information o PHI) para sa mga sumusunod na layunin:

- Para magsiyasat o magpataw ng pananagutan sa sinumang tao para sa paghahanap, pagkuha, pagbibigay, o pangangasiwa sa **pangangalaga sa kalusugang nauugnay sa pag-aanak na naaayon sa batas**.
- Para tukuyin ang sinumang tao para sa gayong mga layunin.

Hindi namin ibubunyag ang iyong impormasyon sa kalusugang nauugnay sa pag-aanak sa tagapagpatupad ng batas o iba pang third party **nang wala ang iyong malinaw at nilagdaang pagpapatunay** na nagkukumpirmang hindi para sa isa sa mga ipinagbabawal na layunin ang kahilingan.

ISANG PAALALA SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

Tungkol sa impormasyon sa psychotherapy at paggamot sa pag-abuso sa substance:

- Mayroon kaming ilang partikular na obligasyon hinggil sa paggamit at pagbubunyag ng iyong impormasyon alinsunod sa dalawang pederal na batas, ang Federal Confidentiality Law (42 C.F.R., Bahagi 2), at Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA, 45 C.F.R., Mga Bahagi 160 at 164.524) at sinusugan ito ng 21st Cures Act noong 2016 at CARES Act noong 2020. Nagbibigay ang mga batas na ito ng mga alituntunin para sa pagbubunyag ng sensitibong impormasyon sa mga miyembro ng iyong team ng pangangalaga. Ang tanging eksepsyon sa mga ito ay nabanggit sa ilalim ng Mga Paggamit at Pagbubunyag.
- Kung hinihiling ang iyong impormasyon sa kalusugan ng pag-uugali:
    - Dapat itong hilingin nang nakasulat sa AACI. Sasangguni kami sa aming legal na tagapayo at tutukuyin namin kung kailangan ng pagbubunyag, at ang hangganan ng pagbubunyag.
    - hihingi muna kami ng nakasulat na pahintulot mula sa iyo o sa iyong legal na kinatawan.

MGA ELEKTRONIKONG REKORD NG KALUSUGAN AT KOORDINASYON NG PANGANGALAGA

Ang AACI ay bahagi ng isang organized health care arrangement kasama ang mga kalahok sa OCHIN. Available ang kasalukuyang listahan ng mga kalahok ng OCHIN sa www.ochin.org. Bilang isang associate sa negosyo ng AACI, nagbibigay ang OCHIN ng information technology at mga kaugnay na serbisyo sa AACI at iba pang kalahok ng OCHIN. Nakikibahagi rin ang OCHIN sa mga aktibidad sa pagsusuri ng kalidad at pagpapabuti para sa mga kalahok nito. Halimbawa, ikinokoordina ng OCHIN ang mga aktibidad sa klinikal na pagsusuri para sa mga kalahok na organisasyon para magtakda ng mga pamantayan sa pinakamahuhusay na kagawian at masuri ang mga klinikal na benepisyong maaaring magmula sa paggamit ng mga elektronikong sistema ng rekord ng kalusugan. Tinutulungan din ng OCHIN ang mga kalahok na makipagtulungan para mapabuti ang pamamahala ng mga internal at external na referral ng pasyente. Maaaring ibahagi ng AACI ang iyong personal na impormasyon sa kalusugan sa iba pang kalahok ng OCHIN o sa isang pagpapalitan ng impormasyon sa kalusugan kapag kinakailangan lang para sa medikal na paggamot o para sa mga pagpapatakbo para sa pangangalagang pangkalusugan ng organized health care arrangement. Maaaring kasama sa pagpapatakbo para sa pangangalagang pangkalusugan ang pag-geocode sa lokasyon ng iyong tirahan para mapabuti ang mga klinikal na benepisyong natatanggap mo, bukod sa iba pang bagay. Maaaring kasama sa personal na impormasyon sa kalusugan ang medikal na impormasyon sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap pati na rin ang impormasyong nakabalangkas sa Mga Panuntunan sa Privacy. Ang impormasyon,

hanggang sa ibinunyag, ay ibubunyag alinsunod sa Mga Panuntunan sa Privacy o anupamang naaangkop na batas na pana-panahong sinususugan. May karapatan kang magbago ng isip at bawiin ang pahintulot na ito; gayunpaman, maaaring naibigay na ang impormasyon dahil pinayagan mo na ito. Mananatiling may bisa ang pahintulot na ito hanggang sa bawiin mo ito sa pamamagitan ng pagsulat. Kung hihilingin, bibigyan ka ng listahan ng mga entity kung saan ibinunyag ang iyong impormasyon.

CARE EVERYWHERE

Ang Elektronikong Rekord ng Kalusugan ng OCHIN ay bahagi ng EPIC system. Sa labas ng OCHIN, maaaring matukoy ng iba pang provider sa iyong team ng pangangalaga sa loob ng EPIC na nakabukas ang iyong mga rekord sa aming mga klinika at maa-access ng mga ito ang iyong mga rekord ng pasyente para sa layunin ng pagkokoordina ng pangangalaga. Maaari mong piliing hindi sumali sa Care Everywhere. Kung gagawin mo ito, hindi maa-access ang iyong mga rekord ng mga provider na wala sa OCHIN. Kung hindi ka sasali sa Care Everywhere, makikita pa rin ang ilang limitadong impormasyon ng mga provider sa iyong Team ng Pangangalaga sa Epic system, kasama ang mga klinikal na talaan, allergy, pagbabakuna, gamot, laboratoryo, at resulta ng imaging. At kung hindi ka sasali sa Care Everywhere, hindi makikita ng mga provider sa aming klinika ang iyong mga medikal na rekord mula sa iba pang lugar sa panahon ng iyong pagpapatingin, na maaaring mas magpahirap para sa kanila na ibigay sa iyo ang pinakamahusay na pangangalaga dahil hindi nila hawak ang lahat ng impormasyon tungkol sa iyong nakaraang pangangalagang pangkalusugan.

Para sa higit pang impormasyon sa mga kagawian sa privacy ng AACI, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Para sa Sentro para sa Kalusugan: Tagapangasiwa ng Practice, (408) 975-2763. Fax (408) 975-2745

Para sa Kalusugan ng Pag-uugali: Tagapamahala ng Pagpapahusay ng Kalidad, (408) 975-2730. Fax (408) 975-2745

Para sa Mga Serbisyo para sa Wellness: Direktor ng Departamento para sa Wellness, (408) 975-2730. Fax (408) 977-1146

Ang Aming Mga Responsibilidad

- Inaatasan kami ng batas na panatilihin ang privacy at seguridad ng iyong pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan.
- Ipapaalam namin kaagad sa iyo kung may mangyaring breach na maaaring nagkompromiso sa privacy o seguridad ng iyong impormasyon.
- Dapat naming sundin ang mga tungkulin at kagawian sa privacy na inilalarawan sa abisong ito at bigyan ka ng kopya nito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang iyong impormasyon bukod pa sa inilalarawan dito maliban kung sasabihin mo sa amin na maaari namin itong gawin sa pamamagitan ng liham. Kung sasabihin mo sa amin na maaari namin itong gawin, maaari kang magbago ng isip anumang oras. Ipaalam sa amin sa pamamagitan ng liham kung magbabago ang iyong isip.

Para sa higit pang impormasyon tingnan ang:
www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/noticepp.html**.**

Mga Pagbabago sa Mga Tuntunin ng Abisong ito
Maaari naming baguhin ang mga tuntunin ng abisong ito, at malalapat ang mga pagbabago sa lahat ng impormasyong mayroon kami tungkol sa iyo. Magiging available ang bagong abiso kapag hiniling, sa aming tanggapan, at sa aming web site.